4

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay Aralin sa Filipino

Kuwarter 3

Aralin

4

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 4**
**Kuwarter 3: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**:

- Maria Fe G. Hicana (Philippine Normal University - Manila)

**Tagasuri**:

- Jasper Lomtong (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute for Teacher Quality

SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**FILIPINO/ KUWARTER 3/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (paglalahad muli (recount) ng talambuhay (biography) ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng talambuhay ng mga Pilipinong may makabuluhang ambag sa lipunang (recount) lokal o rehiyonal. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | • Nauunawaan ang tekstong impormatibo (paglalahad muli (recount) ng talambuhay (biography)ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan gaya ng mga dalubhasa at iba pa.<br>a. Naibibigay ang sariling reaksiyon.<br>b. Natutukoy ang katotohanan at opinyon.<br>• Nasusuri ang layon ng teksto.<br>a. maglahad (recount- talambuhay ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan)<br>• Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.<br>a. Pandiwa -aspekto (nagaganap/imperpektibo)<br>• Naibibigay ang layon ng mga tekstong biswal (anunsiyo). |
| **D. Nilalaman** | Pagtukoy sa Katotohanan at Opinyon ng Tekstong Impormatibo (Talambuhay)<br>Wastong Gamit ng Pandiwang- Imperpektibo |
| **E. Integrasyon** | Pagkilala sa Natatanging Talento ng Isang Tao (Musika/Teatro) |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

BasaBata. (2022, October 16). Malaman at matutunan ng mga mag-aaral ang mga bahagi ng liham. *Youtube.* https://www.youtube.com/watch?v=pZsPmkcE8Z8

Enhanced Basic Education Act. (2013, May 15). *Official Gazette.* https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/

Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016, May). *Department of Education.* https://www.academia.edu/40013256/K_to_12_Gabay_Pangkurikulum_FILIPINO


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Maikling Balik-aral**<br>**Abante – Atras**: Papangkatin ang klase sa tatlong grupo, pipili ng kinatawan ang bawat pangkat na sasagot sa mga tanong mula sa tekstong tinalakay sa nakaraang aralin. Mahalagang maunawaan at mabalikan ang mahahalagang impormasyon mula sa tekstong tinalakay sa nakaraang aralin. Ang mapipiling kinatawan na sasagot ay patatayuin sa harapan ng klase. Para sa bawat tamang sagot ay sasabihin niya ang mga katagang "aabante ako" o "aatras ang kabilang grupo". Unahang makatatlong abante para matapos ang gawain. Maaaring magtulungan ang pangkat subalit tahimik lamang na sasabihin/ibubulong ang mga tamang sagot sa napiling kinatawan ng grupo. Bibigyan ng tig-iisang flaglets ang bawat kinatawan at kung sino ang mauunang makapagtataas ang siyang sasagot. Bibigyan lamang ang bawat kinatawan ng limang segundo upang sabihin ang tamang sagot.<br><br>Mga Halimbawang Tanong:<br>1. Sino ang kauna-unahang atletang Pilipinong weightlifter ang nagwagi ng gintong medalya sa Summer *Olympics*?<br>2. Saang lungsod ginanap ang 2020 *Summer Olympics*?<br>3. Saang lungsod sa Mindanao, lumaki si Hidilyn Diaz?<br>4. Ilang taon si Hidilyn Diaz ng magsimulang maglaro ng *weightlifting*?<br>5. Anong taong unang nagwagi si Hidilyn Diaz ng gintong medalya sa *Southeast Asian Games* sa Thailand? | Maaaring magtala o gumawa ng mga tanong ang guro mula sa nakaraang teksto upang umakma sa haba o tagal ng balik-aral. Maaaring magdagadag ang guro batay sa dami ng tanong na kakailanganin.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. Hidilyn Diaz<br>2. Tokyo<br>3. Zamboanga City<br>4. 11<br>5. 2008 |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin** | Mahalagang ipaalala ng guro na walang tama o maling sagot |

| | | |
|---|---|---|
| | **Sang-ayon at Di-sang–ayon**: Magbibigay ng pahayag ang guro at tatanungin ang mga mag-aaral kung sila ay sang-ayon o di-sang-ayon batay sa sarili nilang reaksiyon. Para sa sang-ayon "thumbs up" at "thumbs down" naman para sa di-sang-ayon.<br>1. Dapat gamitin sa tamang paraan ang taglay na talento ng isang tao.<br>2. Isinasantabi ang talento kapag nakaranas ng pagkabigo sa buhay.<br>3. Matutong magpakumbaba habang hinahasa ang taglay na talento.<br>4. Nararapat na sarilinin at huwag ipakikita sa iba ang taglay na talento.<br>5. Pinaghuhusay ang talento at patuloy na pinauunlad ito anoman ang katayuan sa buhay.<br><br>**2.** Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>Bigyan ng angkop na kahulugan ang salitang nakasalungguhit sa loob ng pangungusap.<br>1. <u>**Nakamit**</u> ni Lea ang kasikatan dahil sa kaniyang angking husay sa pag-awit.<br>Kahulugan: ______________________________<br><br>2. Maituturing na isa sa pinakamahusay sa larangan ng **pag-arte** sa teatro si Lea.<br>Kahulugan: ________________________________<br><br>3. Ang **pagyabon**g ng talento ni Lea ay bunga ng kaniyang sipag at tiyaga.<br>Kahulugan: __________________________ | sa bahaging ito ng gawain. Kailangang maipaunawa sa mga mag-aaral na mahalagang magkaroon sila ng sariling reaksiyon sa mga nangyayari o nararanasan nila sa kanilang buhay. Maaari ring dagdagan ng guro ang mga pahayag kung higit na kailangan. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br>Kaugnay na Paksa 1: Pagtukoy sa Katotohanan at Opinyon ng Tekstong Impormatibo (Talambuhay)<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Mga Panimulang Tanong**: Sasagutin ng mag-aaral ang panimulang tanong bago basahin ang teksto.<br>1. Ano sa tingin ninyo ang pagkakaiba ng katotohanan at opinion?<br>2. May mga palatandaan kayang pahayagupan matukoy ang katotohanan at opinion?<br>3. Narinig na ba ninyo ang pahayag na, "Ang Katotohanan ang Magpapalaya sa iyo!"? Ano kaya ang ibig sabihin nito? | Maaaring simulan ng guro ang pagproseso ng pag-unawa sa tanungan hinggil sa konsepto at/o mga palatandaan para masabi na ang isang pahayag ay katotohanan at opinyon lamang. |

**Pagpapabasa ng Teksto**: Hahatiin sa apat na pangkatang klase at ipababasa sa bawat pangkat ang itinalagang talata. Matapos basahin ang bawat talata ay tatawag ang guro ng sasagot sa tanong na naka-ugnay sa nilalaman ng teksto.

**Ang Talambuhay ni Lea Salonga**
Kinuha mula sa: webpage ng Talambuhay.net

(i) Si Lea Salonga ay isang kilalang mang-aawit at aktres sa Pilipinas. Nakamit niya ang pandaigdigang kasikatan dahil sa kaniyang kahusayan at kakayahang magbigay-buhay sa iba't ibang papel sa teatro at pelikula. Siya ay ipinanganak noong Pebrero 22, 1971 sa Lungsod ng Maynila. Ang kaniyang mga magulang ay sina Feliciano Genuino Salonga, isang opisyal sa Hukbong Dagat ng Pilipinas, at Maria Ligaya Alcantara, na may lahing Tsino at Espanyol. Sa edad na pitong taon, nagsimulang kumanta at umarte si Lea sa mga lokal na produksiyon, at sa edad na sampu, nakakuha siya ng kaniyang unang propesyunal na papel sa musikal na "The King and I" bilang si Princess Ying Yawolak. Noong 1981, nanalo siya ng pangunahing papel sa musikal na "Annie" at sumali rin sa cast ng "The Sound of Music" bilang isa sa mga anak ni Von Trapp.

(ii) Ang pagyabong ng kaniyang karera ay nagsimula noong 1989 nang siya'y mapiling gumanap bilang Kim sa musikal na "Miss Saigon," na nag-premiere sa West End, London. Ang kaniyang magaling na pagganap ay kumuha ng malalaking papuri, kabilang dito ang pagkapanalo niya sa prestihiyosong Olivier Award para sa Best Actress in a Musical. Matapos ang kaniyang tagumpay sa "Miss Saigon," inimbitahan si Lea na mag-audition para sa papel ni Jasmine sa animated film ng Disney na "Aladdin." Ang kaniyang bersiyon ng "A Whole New World" ay nagbigay sa kaniya ng nominasyon para sa Academy Award para sa Best Original Song, at siya ay naging unang babaeng Asyano na nanalo ng Tony Award para sa Best Actress in a Musical.

(iii) Bilang isang kilalang mang-aawit at aktres, marami nang nagawa si Lea Salonga sa Pilipinas. Narito ang ilan sa kaniyang mga nagawa: (i) Nagpakita siya ng kaniyang suporta sa iba't ibang kampanya para sa kabutihan ng bayan, kabilang ang kampanya para sa edukasyon, kalikasan, at karapatang pantao. (ii) Isa siya sa mga nagtatag at nagsusulong ng Philippine Educational Theater Association (PETA) na naglalayong magbigay ng edukasyon at pag-unlad sa mga kabataang Pilipino sa pamamagitan ng sining. (iii) Nagbibigay siya ng kaniyang oras at talento sa mga proyekto ng United Nations Children's Fund (UNICEF) sa Pilipinas upang matulungan ang mga batang nangangailangan. (iv) Siya ay nagtayo ng Lea Salonga Foundation na naglalayong magbigay ng tulong pinansyal sa mga kabataang may potensiyal sa sining. (v) Bilang isang magaling na mang-aawit at

| | | |
|---|---|---|
| | aktres, siya ay nagbigay ng karangalan sa Pilipinas sa pamamagitan ng kaniyang paglahok sa mga pang-internasyonal na proyekto, kabilang ang "Miss Saigon" at "Les Miserables" sa West End, London at "Aladdin" ng Disney. (vi) At panghuli, siya ay nagtanghal din ng mga konsiyerto sa Pilipinas at nagbigay ng inspirasyon at aliw sa kaniyang mga tagahanga.<br><br>(iv) Sa personal na buhay, maraming aral ang maaaring mapulot ng mga tao sa buhay ni Lea Salonga. Una, si Lea ay isang ehemplo ng pagiging matiyaga at determinado sa kaniyang propesyon. Mula sa kaniyang pagkabata, nagsikap siyang matuto ng mga awitin at patuloy na nagsanay hanggang sa naging isa siyang magaling na mang-aawit. Kahit sa paglipat niya sa ibang bansa at sa pagsabak sa iba't ibang proyekto, hindi siya nagpatinag sa kaniyang pangarap at patuloy na nagtrabaho para makamit ang mga ito. Pangalawa, si Lea ay nagpakita ng kahalagahan ng pagtitiyaga sa pag-aaral at pagpapalawak ng kaalaman. Bilang isang artista at mang-aawit, hindi siya naging kontento sa kaniyang mga natutuhnan at patuloy na naghahanap ng paraan upang mapabuti ang kaniyang kasanayan. Nag-aral siya sa mga prestihiyosong unibersidad at nagsanay sa iba't ibang musikal na nagbigay ng malaking kontribusyon sa kaniyang propesyon. At pangatlo, si Lea ay isang modelo ng kababaang-loob at kabutihang-asal. Kahit na siya ay isang sikat na artista, hindi niya nakalimutan ang kaniyang pinagmulan at patuloy na nagbibigay ng oras at tulong sa kaniyang kapuwa. Nakita rin sa kaniyang mga pagpapahayag sa midya na siya ay isang tapat na asawa, ina, at isang responsableng mamamayan. Si Lea Salonga ay isang modelo ng tagumpay, determinasyon, pagtitiyaga, may pagpapahalaga sa edukasyon, kababaang-loob, kabutihang-asal, at pagsisikap sa pagtulong sa kapuwa.<br><br>**Mga Gabay na Tanong:** Ang sumusunod na tanong ay sasagutin ng mag-aaral batay sa talatang kanilang binasa.<br><br>i.<br>a. Anong larangan nakilala si Lea Salonga?<br>b. Ilang taon si Lea Salonga ng magsimula siyang umarte at kumanta?<br>c. Anong tagumpay ang nakuha ni Lea Salonga, noong sampung taong gulang pa lamang siya?<br><br>ii.<br>a. Paano nagsimula ang karera ni Lea Salonga sa mga teatrikong palabas?<br>b. Anu-anong mga prestihiyosong pagkilala ang napanalunan ni Lea Salonga?<br><br>iii.<br>a. Anu-anong naiambag ni Lea Salonga sa bansa bilang isang aktres at mang-aawit?<br><br>iv.<br>a. Anu-anong aral sa buhay ang maaaring mapulot ng bawat isa batay sa karanasan ni Lea Salonga? | |

| | | |
|---|---|---|
| | b. Anu-anong mga katangian ang magsasabi para maging modelo ng kaniyang kapuwa si Lea Salonga?<br><br>**Pagbabalik sa mga Panimulang Tanong:**<br>1. Sa iyong palagay, ano ang pagkakaiba ng katotohanan at opinion?<br>2. May maituturing kayang mga palatandaan na pahayag upang matukoy ang kung katotohanan o opinion?<br>3. Narinig na ba ninyo ang pahayag na, "Ang Katotohanan ang Magpapalaya sa iyo!"? Ano kaya ang ibig sabihin nito?<br><br>**Ang Katotohanan at Opinyon**<br>**Katotohanan** – ito'y mga pahayag na batay sa totoong kaganapan at may mga batayang pinagmulan. Maaaring ito'y bunga ng mga pag-aaral, maaari rin naman ito'y nakabatay sa mga limbag sa teksto, samakatuwid may mga sangguniang maaaring tingnan upang ang isang impormasyon o kaalaman ay masabing totoo. May mga ilang palatandaan para makilala ang isang pahayag na nagsasaad ng katotohanan.<br><br>Halimbawa:<br>Ayon sa, Batay sa resulta, Mula sa pahayag ni, Mababasa sa, Pinatotohanan sa pag-aaral ni, at iba pa.<br><br>Gamit sa pahayag:<br>***Ayon sa tekstong binasa***, Si Lea Salonga ay naglalaan ng kaniyang oras at talento sa mga proyekto ng United Nations Children's Fund (UNICEF) sa Pilipinas upang matulungan ang mga batang nangangailangan.<br>***Batay sa resulta ng pag-aaral,*** May walong iba't ibang kahusayan ang mga tao o kilala sa tawag na multiple intelligences.<br><br>***Opinyon*** – tumutukoy ito sa pananaw ng isang tao o ng isang pangkat. Ang opinyon ay maaaring pasubalian kung may mga diskursong makapagsasabi ng mas higit na totoo. Ito'y mga personal na haka-haka o palagay lamang ng isang tao, wala itong tiyak na basehan maliban sa sariling paniniwala ng isang taong nagsasabi nito. May mga halimbawang pahayag rin na nagsisilbing palatandaan para masabing ang isang diskurso ay opinyon lamang.<br>Halimbawa: | |

Para sa akin, Palagay ko, Nakikita ko, Palagay ko lamang, Sa tingin ko, Sa aking pakiwari, Kung ako ang tatanungin, Buo ang aking paniniwala, at iba pa.
Gamit sa pahayag;
***Sa tingin ko***, mas magiging mahusay ang isang tao sa kaniyang napiling larangan kung patuloy niya itong pauunlarin.
***Para sa akin***, dapat ay hindi ipinagmamayabang ang angking talento, sa halip ito'y ibinabahagi upang maging inspirasyon ng ibang tao.

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   **Sulat-Katotohanan**: Muling balikan ang binasang teksto, tukuyin kung ang pahayag ay nagsasaad ng isang Katotohanan o Di-Katotohanan. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.

_______________1. Ayon sa akda, ipinanganak si Lea Salonga noong Pebrero 22, 1971.
_______________2. Batay sa teksto, may lahing Tsino at Espanyol ang ina ni Lea Salonga.
_______________3. Isinasaad ng tekstong, gumanap bilang Kim si Lea Salonga sa musikal na palabas na "Miss Saigon".
_______________4. Isinasaad ng babasahin na inawit ni Lea Salonga ang "A Whole New World" sa musical na Miss Saigon.
_______________5. Binanggit sa nasabing akda na, isa si Lea Salonga sa nagtatag at nagsulong ng Philippine Educational Theater Association (PETA).

**Mga Tamang Sagot:**
1. Katotohanan
2. Katotohanan
3. Katotohanan
4. Di-Katotohanan
5. Katotohanan

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**Ano sa Tingin mo?:** Magbibigay ng sariling opinyon ang mag-aaral batay sa tanong na ibibigay ng guro. Gagamit ng mga palatandaang pahayag upang maipakita ang sariling opinyon batay sa nasabing tanong. Isusulat ng mag-aaral sa kabilang hanay ang kaniyang opinyon batay sa isinasaad ng tanong.

| Mga Tanong | Opinyon ng Mag-aaral |
|---|---|
| Paano kaya matutuklasan ng isang batang katulad mo ang angking talento? | Sagot: |

Mahalagang maipaunawa ng guro sa mag-aaral na ang bahagi ng pagtalakay sa araling ito ay pagpapatuloy lamang ng mga naunang pagtalakay hinggil sa pandiwa. Kailangang

| | |
|---|---|
| Nararapat bang suportahan ng mga magulang ang talento o hilig ng kanilang mga anak? Bakit? | Sagot: |
| Ang talent o husay ba ng isang tao ay nararapat na ipinagmamayabang? Bakit? | Sagot |

**Kaugnay na Paksa 2: Wastong Gamit ng Pandiwang-Imperpektibo**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**
   **Suri-Pangungusap:** Tingnan ang mga pahayag. Suriin ang may salungguhit na salita. Tingnan mabuti ang kayarian ng bawat salitang may salungguhit.

   1. **Umawit** si Lea Salonga sa harap ng kaniyang mga kababayan sa Estados Unidos.
   2. Ipinakita niya ang kaniyang husay sa **pagsayaw** sa entablado.
   3. Matiyahang **nag-aral** si Lea Salonga para sa kaniyang pangarap.

**Tandaan**: Mahalagang mabanggit sa mag-aaral na ito'y mga salita na binubuo ng salitang ugat at mga panlapi na nagsasaad ng kilos.

**Katuturan/Kahulugan ng Pandiwa**:

- Mga pahayg at/o salita na nagsasaad ng kilos, galaw o isang gawa.
- Ang pandiwa ay maaaring mabuo sa isang salitang-ugat at panlapi.

Halimbawa:
mag- + laro – maglaro
-um- + kanta – kumanta
-um- + kain – kumain

**Ang aspektong imperpektibo** – ito ang katumbas ng nakasanayang tawag sa kilos na isinasagawa ng kasalukuyan (pangkasalukuyan). Tandaan: Upang matulungang matukoy ang aspekto ng pandiwa, nagsisimula ito sa pamamagitan ng pagtukoy ng anyong pawatas ng salitang nagpapahayag ng kilos:
Tingnan ang halimbawa:

Tingnan ang halimbawa:

| Anyong Pawatas | Imperpektibo |
|---|---|

bigyang-diin na ito ay bahagi pa rin ng talakayan tungkol sa pandiwa partikular sa aspekto nito. Maaari rin namang pahapyaw na gumawa ng balik-aral hinggil sa kahulugan at/o katuturan ng pandiwa.

Mahalagang maipaalala ng guro sa mga mag-aaral ang mga naunang kaalaman tungkol sa aspekto ng pandiwa, kabilang na rito ang pag-unawa sa anyong pawatas.

| | |
|---|---|
| (-um- + sayaw) = **sumayaw** | **S**um**asa**yaw |
| (um- + iyak) = **umiyak** | Um**ii**yak |
| (nag-+ sulat) = **nagsulat** | Nag**susu**lat |

**Mahalagang paalala:** Ang mga salitang nabanggit sa aspektong imperpektibo ay kakikitaan ng pag-uulit sa unang baybay ng salitang ugat. Maaaring mabago ang posisyon nito, maaaring mahiwalay ang isang titik at magkaroon ng panlapi sa pagitan nito at maaari rin namang sa magkasunod na pantig ito makikita.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Isulat sa aspektong imperpektibo ang mga salita at gamitin ito sa isangmakabuluhang pahayag.

1. tumakbo - ______________________________________________
   Pangungusap: ___________________________________________
2. umarte - _______________________________________________
   Pangungusap: ___________________________________________
3. umawit - _______________________________________________
   Pangungusap: ___________________________________________
4. naggitara - _____________________________________________
   Pangungusap: ___________________________________________
5. tumawa - _______________________________________________
   Pangungusap: ___________________________________________

**IKAAPAT NA ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Hulaan mo! Kilos ko:** Hahatiin sa apat na pangkat ang klase. Magbibigay ng kategorya ang guro hinggil sa mga salitang nagsasaad ng kilos o galaw (mga gawain sa bahay, sa opisina at iba pa.) Pipili ng isang aktor o gaganap sa kilos ang bawat pangkat, isusulat nila sa isang malinis na papel ang kanilang sagot. Ang nararapat na isasagot ng bawat pangkat sa salitang nagsasaad ng kilos ay nasa aspektong imperpektibo dapat. Ang unang pangkat na makakakuha ng tatlong puntos ang idedeklarang panalo sa gawain.

Maaari pa ring bigyan ng angkop na puntos ng guro ang ibang pangkat kahit di ang pangkat nila ang nakaunang kumuha ng tatlong puntos.

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Katotohanan o Opinyon:** Dugtungan ang pahayag na nasa ibaba isulat ang iyong sagot sa nakalaang espasyo.<br><br>1. Masasabi kong ang isang pahayag ay katotohan kung…<br>________________________________________________________________<br>_______________________________________________.<br><br>2. Masasabi kong ang isang pahayag ay opinyon kung …<br>________________________________________________________________<br>_______________________________________________.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Natunghayan sa tekstong binasa sa Aralin 4, ang tungkol sa talambuhay ni Lea Salonga, mula sa tekstong nabanggit malinaw na ipinakikita nito ang pagsusumikap ni Lea Salonga upang makamit ang pangarap sa buhay. Kakikitaan ang teksto ng mga katotohanang naganap sa buhay niya sa pagtamo ng tugatog ng tagumpay sa larangan ng pag-arte at pag-awit. Mula sa talambuhay ni Lea Salonga, mapanghahawakan ito ng bawat isang mag-aaral na patuloy na mangarap sa kanilang buhay. Sa mga mag-aaral na nagtataglay ng iba't ibang talento may mga patimpalak na nag-aanyaya upang ipakita ang natatanging galing. Tunghayan ang halimbawang patalastas sa ibaba, tukuyin kung ano ang layon ng biswal na anunsiyong ito?<br><br>**Ang Anunsiyo sa Poster Bilang isang Tekstong Biswal**<br>Ang **Anunsiyo** ay isang paraan ng pagpapakalat ng impormasyon upang humikayat ng mga tao na makibahagi, makiisa, makialam at magkaroon ng kaalaman hinggil sa isang partikular na gawain. Maaaring makita sa iba't ibang porma o estilo ang anunsiyo, maaaring mapanood sa telebisyon, marinig sa mga radyo o makita sa mga poster.<br><br>Sa mga tekstong biswal katulad ng poster ang bawat anunsiyo ay nagtataglay ng iba't ibang layunin gaya ng mga sumusunod:<br>1. Nanghihikayat na makilahok sa isang gawain.<br>2. Nagbibigay ng mahahalagang impormasyon, (Halimbawa: Mga Dapat Tandaan sa panahon ng Kalamidad). | |

3. Nagbibigay babala sa mga maaaring masasamang dulot ng isang gawain.
4. Nagpapabatid tungkol sa mga mahahalagang kaganapan sa paligid.

**Pagsusuri sa Biswal na Anunsyo**




Kinuha mula sa:
https://www.facebook.com/ABSCBNGGV/posts/pilipinas-got-talent-season-6-soonkaya-mag-audition-na/1445961422163720/

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Batay sa nakasulat sa biswal na patalastas ano ang layunin nito?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________________________
2. Mula sa biswal na patalasatas sino-sinong indibidwal ang hinihikayat nito.
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________________________
3. Sa iyong palagay, paano mo mahihikayat ang iyong kapwa na lumahok sa mga ganitong patimpalak?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ____________________________

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit (Pagsulat)**<br>Sumulat ng isang maikling talambuhay ng iyong hinahaangaang tao dahil sa kaniyang taglay na talento (mang-aawit, artista, manlalaro, at iba pa.) Kinakailangang ang mga impormasyon na nakapaloob ay may katotohanan at iwasan ang paggamit ng mga pahayag na nagtataglay ng mga opinyon. Tiyaking | |

| | | |
|---|---|---|
| | gumamit ng mga sanggunian upang maging masinop ang bubuoing talambuhay. Narito ang rubriks para sa pagmamarka. | |

| **Paraan ng Pag-iiskor** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Pamantayan** | **Napakahusay (5)** | **Mahusay-husay (4)** | **Mahusay (3)** | **Pagbutihin pa ang gawa (2)** | **Kailangang magsumikap sa paggawa (1)** |
| Organisasyon ng mga Ideya | Lohikal at mahusay ang pagkakahanay ng mga makatotohana-ng impormasyon; gumamit din ng mga transisyunal na pantulong tungo sa kalinawan ng talambuhay. | Bahagyang hindi gaanong lohikal at mahusay ang pagkakahanay ng mga makatotohana ng impormasyon; may kaunting kakulangan sa paggamit ng mga transisyunal na pantulong tungo sa kalinawan ng talambuhay. | Hindi lohikal at mahusay ang pagkakasunud - pagkakahanay ng mga makatotohana ng impormasyon; hindi gumamit ng mga transisyunal na pantulong tungo sa kalinawan ng talambuhay. | Napakaraming kakulangan sa pagiging lohikal at pagiging mahusay ang pagkakahanay ng mga makatotohana ng impormasyon; wala kahit anumang ginamit na mga transisyunal na pantulong tungo sa kalinawan ng talambuhay. | Walang naipasang gawain. |
| Wastong gamit ng mga salita at estruktura ng mga pahayag | Walang pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita. | Halos walang pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita. | Maraming pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita. | Napakarami at nakagugulo ang pagkakamali sa estruktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita. | Walang naipasang gawain. |

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **alinmang sumusunod na bahagi.** | | | obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>.<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |